Ang Awit ng mga Anghel

WARM-UP

- Alalahanin ang isang kaganapan na sobrang kakaiba sa mga narinig o naranasan mo. Ikuwento mo ito sa amin.
- Mayroon bang isang tao na ibang-iba sa iyo, subalit nakakasundo mo? Magkuwento ka tungkol sa taong ito.
- Ano ang pinakamabuting ginawa ng isang taong may kapangyarihan na nakita mo?

WORD

"Purihin ang Diyos sa langit! May kapayapaan na sa lupa, sa mga taong kinalulugdan niya!" **LUCAS 2:14**

(Basahin din ang **LUCAS 2:8-20.**)

Ang kapanganakan ng Anak ng Diyos ay ipinagdiriwang sa pamamagitan ng pagsamba ng mga anghel. Subalit ang mga anghel ay hindi ipinadala ng Diyos sa mga hari sa lupa o kaya sa mga mahahalagang tao. Pinadala Niya sila sa mga nasa pinakamababababang antas ng lipunan noong kapanahunang iyon—ang mga pastol. Hindi sila itinuring ng Diyos na mababa o masyadong mahirap para marinig ang balitang dumating na ang kanilang Tagapaglitas o masyadong mahirap para makiisa sa pagdiriwang sa langit. Ipinagdiwang ng awit ng mga anghel ang presensya ng Diyos sa lupa sa pamamagitan ng kapanganakan ng Tagapagligtas.

1 Purihin ang Diyos

"Purihin ang Diyos sa langit! . . ." **LUCAS 2:14**

Sinabi ng mga anghel sa mga pastol ang isang hindi kapani-paniwalang kwento: ang kasagutan sa kanilang mga panalangin, ang Tagapagligtas, ang *Cristo na siyang Panginoon*, ay nakahiga sa isang sabsaban. Ang sabsaban, kung saan kumakain ang mga hayop, ay isang higaan na maaaring puntahan maging ng mga nasa pinakamababa sa lahat ng mababang antas sa lipunan kung saan sila ay hindi mangangambang paalisin. Ang mga anghel ay pumunta sa mga pastol, upang ipaalam sa kanila na nais ng dumating na Tagapagligtas na makalapit sila sa Kanya. Ang tanging nararapat na tugon sa plano at sa pagmamahal na ito ay: *Purihin ang Diyos sa langit!* Paano mo unang narinig ng ebanghelyo? Sino ang nagkuwento sa iyo tungkol kay Jesus, at ano ang naging tugon mo?

2 Kapayapaan sa Tao

". . . May kapayapaan na sa lupa, sa mga taong kinalulugdan niya!" **LUCAS 2:14**

(Basahin din ang **ISAIAS 9:6,7.**)

Inihayag ng mga anghel sa mga mamamayan ng Diyos ang Kanyang papuri at ang kapayapaan sa lupa. Sa ganito ring paraan, sa Isaias 9, ang propetang si Isaias ay nagsalita tungkol sa isang batang ipapanganak at tatawaging *Prinsipe ng Kapayapaan*, na siyang madadala ng walang hanggang kapayapaan. Ang kapayapaang inawit ng mga anghel ay ang kapayapaan ng Diyos na nagbibigay-daan upang tayo ay mapagkasundo sa Kanya, at ang Prinsipe ng Kapayapaan na na may gawa ng lahat ng ito ay si Jesu-Cristo.

APPLICATION

- Naniniwala ka ba na pinadala ng Diyos si Jesus para iligtas ka? Bakit? Gusto mo ba siyang tanggapin bilang Panginoon at Tagapagligtas ngayon?
- Ano ang sinasabi sa iyo ng kuwento ng pag-awit ng mga anghel sa mga pastol tungkol sa pagmamahal at pagbibigay kaligtasan ng Diyos? Paano ka magkakaroon ng mas malalim na pagkaunawa sa pagmamahal Niya ngayong linggo?
- Mayroon ka bang kapamilya na kailangang makaalam Paano mo ito maibabahagi sa kanila ngayong Kapaskuhan?

PRAYER

- Pasalamatan ang Diyos sa pagpapadala Niya ng Kanyang Anak na si Jesus upang iligtas tayo. Pasalamatan Siya sa kapayapaan at pagkaka-isa na nararanasan natin sa Kanya.
- Hingin sa Diyos ang mas malalim na pagkalugod at pagka-unawa sa Kanyang plano ng kaligtasan at ganap na kapayapaan. Ipanalangin na maipakita mo ito sa iyong pagmamahal at pakikisalamuha sa iba.
- Ipanalangin ang iyong mga kapamilya at kaibigan na hindi pa nananalig kay Jesus. Ipanalangin na magkaroon ka ng mga pagkakataon na maibahagi ang ebanghelyo sa kanila ngayong linggo.

NOTES

VICTORY

© 2017 by VICTORY®
Reserbado ang lahat ng karapatang pag-aari.

Lahat ng sipi ay mula sa ANG SALITA NG DIOS®
Karapatang Pag-aari © 2010 ng Biblica® Ginamit na may pahintulot mula sa
Biblica Publishing & Distribution Foundation, Inc.® Reserbado ang lahat ng pag-aari.

victory.org.ph